Sa mga dayuhang nakatira sa Kurume City

# Gabay sa Pamumuhay

Tagalog




Mascot ng lungsod ng Kurume
Kuruppa

## MGA NILALAMAN

1. Tanggapan ng konsultasyon kapag may problema
2. Tungkol sa pagrehistro ng mga dayuhang residente
3. Tungkol sa buwis
4. Tungkol sa pensiyon
5. Tungkol sa insurance na pangkalusugan/pangangalaga
6. Tungkol sa mga anak na bata
7. Tungkol sa paraan ng paglalabas ng basura
8. Tungkol sa paggamit ng suplay ng tubig
9. Tungkol sa mga sakuna at evacuation shelter
10. Mga dapat alamin kung sakaling may emergency

## ■ Maligayang pagdating sa Kurume City!

Ang mga kinakailangan para sa pang-araw-araw na pamumuhay ay nakasulat sa "madaling maintindihan na Japanese" sa pamphlet na ito. Kung mahirap maintindihan ang mga salita, gamitin ang Google Translate upang isalin ito sa wika ng iyong bansa.

## ■ Paano gamitin ang Google Translate (paraan ng pagsasalin ng pamphlet)

[Japanese → Nepali]

**1. I-download ang file ng Gabay sa Pamumuhay mula sa website ng Kurume City.**

**2. Buksan ang Google Translate at pindutin ang (1) [Documents].**

(2) Pindutin ang [Detect Language] at piliin ang Japanese.


(3) Pindutin ang [Translate to] at piliin ang Nepali.

(4) Kung wala kang nais baguhin sa mga salita, pindutin ang "∨". Pagkatapos ay piliin ang mga salitang nais mong baguhin.

(5) Pindutin ang [Browse your computer].





**3. Piliin ang PDF file ng Gabay sa Pamumuhay.**




**4. Pindutin ang [Translate].**




**5. Maaari mong makita ang pamphlet sa wikang pinili mo.**



２．外国人住民の　住民登録について

■相談先：市民課

電話：0942-39027

外国人も　日本人と　同じように　住民票を　作って　＊住民登録します。
住民登録をすると　久留米市の　サービスを　受けることが　できます。　また、住所（住むところ）を　証明する　住民票の写しを　もらえます。

＊住民登録：あなたや　あなたの家族が　久留米市に　住んでいることを　市役所に　知らせること

■住民登録を　する人

3か月より　長く　日本に　住む人は　住民登録を　します。　観光（日本に　遊び）に　来た人は　住民登録を　しません。

１．久留米市に　する　＊届出

下の　表の　状況に　当てはまる人は、　市役所に　届出を出します。
届出を　出すのは、　あたなが　します。　あなたが　できないときは、　代わりの人も　できます。
代わりの　人が　届出を　出すときは　委任状（あなたが　代わりの人に　お願いしたことが　わかる紙）が　いります。
＊届出：市役所に　あなたの　状況が　かわったことを　紙に　書いて　知らせること

【市民課での　届出が　必要な　手続き】

| 届出の名前 | 状況 | 手続きの　期限 | 手続きに　いるもの |
|---|---|---|---|





२ विदेशी निवासीहरूको निवासी रेजिष्ट्रेसनको बारेमा
Ation परामर्श: नागरिकको डिभिजन
फोन: ० 42 42२--390 27 २27

साथै ढोका जी तपाईंको लागि म * हुँ ।
र गर्न को सेवा गर्न लात मार हुन तपाईं। मा वाहेक, ( को Mutokoro) गर्न को को शि म प्राप्त।

* : तपाई र तपाईंको छन् दुई Nde हुन् भनेर दुई एट अत। हुन

■ को लागि

3 वा देखि कू गर्न कुनै दाँत गर्न तपाई । ( गर्न सुंदरता) अन्य छ एक छैन।

१। गर्न हुन *

को को लागि फिट ते छ दुई र गर्न तपाईं।
यो गर्न को छ, Atana छ तपाई । तपाई सक्नुहुनेछ यदि तपाईं सक्नुहुन्न भने, वारि तपाई पनि सक्नुहुन्छ।
Wari गरेको छ को BE मामला ( तपाई को Wari गर्न तपाई त्यहाँ राम्रो थियो बुझे तपाई एक आवश्यक)।
* : गर्न तपाईंको परिवर्तन भएको थियो कि दुई छ अत यसलाई

[ मा भएको को के राजा]

| को | आउनुहोस् को | जो हुन सक्छ |
|---|---|---|

# 1. Tanggapan ng konsultasyon kapag may problema

Kurume Multilingual Consultation Support Service　Tel: 0942-30-9096

Maaaring kumonsulta kapag may mga bagay na hindi nauunawaan at ikaw ay namumroblema sa pamumuhay sa Japan gaya ng tungkol sa kasal / diborsyo (paghinto sa pag-aasawa), buwis, problema sa pamilya, problema sa pananalapi, aksidente sa trapiko, trabaho, residence status (visa), binu-bully dahil sa pagiging dayuhan, atbp. Hindi kailangang magbayad.

Ang iyong ikukonsulta ay maaari ding pakinggan ng mga eksperto gaya ng abogado o notary public.

■ **Mga araw ng konsultasyon: Lunes hanggang Biyernes**

(Sarado tuwing katapusan ng taon at bagong taon (Dec. 29 – Jan. 3) at tuwing pampublikong pista opisyal (araw na pula sa kalendaryo)

■ **Mga oras ng konsultasyon: 8:30am hanggang 5:15pm** (no lunch break)

■ **Lugar ng konsultasyon: Public Hearing/Consultation Section, 6th Flr Kurume City Hall**

"Kurume Multilingual Consultation Support Service"

■ **Paraan ng konsultasyon: Mayroong mga pamamaraan mula (1) hanggang (4).**

(1) Magtungo sa Kurume Multilingual Consultation Support Service
(2) Kumonsulta gamit ang telepono　… Tel: 0942-30-9096
(3) Kumonsulta gamit ang fax　… Fax: 0942-30-9711
(4) Kumonsulta gamit ang email　… E-mail: sodan@city.kurume.lg.jp

Tungkol sa "City Hall"
Ang lungsod na iyong tinitirhan ay mayroong city hall.
Kung nagbago ang lugar na tinitirhan o may nagbago sa iyong pamumuhay, tiyakin na ipagbigay-alam ito sa city hall. Sa pagkakataong iyon ay ilabas din ang iyong residence card. Kung mayroong hindi maunawaang bagay o problema sa pamumuhay, maaaring kumonsulta sa city hall.

Tungkol sa "School District"
Nagbibigay ng iba't-ibang serbisyo ang city hall upang ang lahat ay mamuhay nang may kapanatagan ng loob. Ang Kurume City ay nahahati ayon sa pangalan ng elementarya. Tinatawag itong "School District" Ang mga serbisyo ng city hall ay pinagpapasiyahan ayon sa mga "School District" Tandaan ang pangalan ng iyong school district kapag nakatira sa Kurume City.

Halimbawa: Kung nasaan ang "Kanamaru Elementary School" … "Kanamaru School District"
Kung saan matatagpuan ang "Nishikokubu Elementary School" … "Nishikokubu School District", atbp.

# 2. Tungkol sa pagrehistro ng mga dayuhang residente

City Citizen Section　Tel: 0942-30-9027

Ang mga dayuhan, gaya ng mga Hapon, ay dapat magpagawa ng residence certificate at dapat na *magparehistro ng paninirahan. Kapag nagparehistro ng paninirahan, maaaring makatanggap ng mga serbisyo ng Kurume City. Gayundin, maaaring makakuha ng kopya ng residence certificate na nagpapatunay sa address (tinitirhan).

* Rehistro ng paninirahan: Pagbibigay-alam sa city hall na ikaw at ang iyong pamilya ay naninirahan sa Kurume City.

**■ Mga taong magpaparehistro ng paninirahan**

Ang mga naninirahan sa Japan nang mahigit sa 3 buwan ay dapat magparehistro ng paninirahan. Gayunpaman, ang mga taong dumating upang mamasyal (pagliliwaliw sa Japan) ay hindi magpaparehistro ng paninirahan.

**1. Kailan dapat magsumite ng *abiso sa city hall?**

Sa mga sitwasyong nakatala sa ibaba mula (1) hanggang (4), dapat itong *ipagbigay-alam sa city hall.

Ikaw ang magsusumite ng abisong ito. Ngunit kung hindi mo ito magawa, maaari itong isumite ng isang representative. Magdala ng authorization letter (papel na nagpapakita na nakiusap ka sa iyong representative) kapag ang representative ang magsusumite ng abiso.

* Abiso: Pagbibigay-alam sa city hall sa pamamagitan ng pagsulat sa papel ng mga bagay na nagbago sa iyong sitwasyon

**[Kailan kinakailangan ng abiso sa City Citizen Section ng city hall]**

| Sitwasyon | Pangalan ng abiso | Hanggang kailan | Mga dapat dalhin |
|---|---|---|---|
| (1) Kapag lumipat sa Kurume City mula sa ibang lungsod o bayan | Abiso ng paglipat | Sa loob ng 14 araw mula nang dumating sa Kurume City | - Sertipikasyon ng paglipat (makukuha mula sa city hall kung saan dating nakatira) o My Number Card<br>- Residence Card o Special Permanent Resident Certificate |
| (2) Kapag lumipat sa loob ng Kurume City | Abiso ng paglipat | Sa loob ng 14 araw mula nang lumipat | - Residence Card o Special Permanent Resident Certificate<br>- My Number Card |
| (3) Kapag lilipat mula sa Kurume City patungo sa ibang lungsod o bayan | Abiso ng paglipat | Mula 14 araw bago ang araw ng paglipat hanggang 14 araw matapos ang paglipat | - Residence Card o Special Permanent Resident Certificate<br>- My Number Card |
| (4) Kapag may nagbago sa kasamang naninirahan na pamilya o ulo ng sambahayan nito | Abiso ng pagbabago sa sambahayan | Sa loob ng 14 araw mula sa araw na nagbago ito | - Residence Card o Special Permanent Resident Certificate |

## 2. My Number system

Ang taong nakarehistro ng paninirahan sa Japan ay mayroong sariling numero <My Number> na para lamang sa kanya. Ang mga dayuhan din ay maaaring makakuha ng My Number kapag nagparehistro ng paninirahan. Ang numero ay mayroong 12 digits. Ginagamit ang My Number kapag may mga iba't-ibang inaasikaso sa city hall, atbp. Ginagamit din ito kapag nagsusumite ng mga dokumento para sa *social security o buwis. Pagkatapos magsumite sa city hall ng abiso ng paglipat ang mga taong unang beses pa lamang na dumating sa Japan, may darating na notification tungkol sa My Number sa pamamagitan ng postal mail. Kung gusto mo, maaari kang mag-aplay para sa My Number Card na may litrato. Hindi lamang magagamit ang My Number Card bilang isang ID, kundi magagamit mo rin ito upang makakuha ng mga sertipiko ng paninirahan at iba pang mga dokumento sa mga convenience store.

* Social security: Isang sistema kung saan tinutulungan ka ng Pamahalaan kapag nagkaproblema ka sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay.

## 3. Tungkol sa kopya ng residence certificate

Ang residence certificate ay ang "pagpapatunay ng city hall na ikaw ay naninirahan sa lugar na iyon".
Nakasulat sa residence certificate ang "pangalan", "kaarawan", "address", "araw ng paglipat sa Kurume City", "mga tao na kasamang naninirahan", atbp. Ang papel na naglalaman nito ay "kopya ng residence certificate". Maaari itong makuha mula sa city hall kapag kailangan mo ito. Kapag kukuha nito, kailangang magbayad.

## 4. Tungkol sa residence card, atbp.

Ang residence card ay isang kard na nagpapatunay (para maunawaan ng ibang tao) kung bakit ka nasa Japan at gaano ka katagal maaaring manatili dito (hanggang kailan). Tinutukoy sa iyong residence status kung ano ang mga maaari mong gawin sa Japan. Halimbawa, kung ang iyong status ay "College Student", maaari kang mag-aral. Kung ito ay "Pagtatrabaho", maaaring magtrabaho. Dapat tiyakin na palagi mong dalaang iyong residence card.

### (1) Special Permanent Resident Certificate

Kapag magpapagawa ng bagong Special Permanent Resident Certificate, gagawin ito sa city hall. Kung may hindi maunawaan, kumonsulta sa city hall.

### (2) Residence Card

Hindi maaaring mag-asikaso sa city hall gamit ang residence card na lumampas na sa validity (hanggang kailan ito). Kapag magpapagawa ng bagong residence card, magtungo sa Fukuoka Regional Immigration Bureau.

**■ Fukuoka Regional Immigration Bureau**

3-5-25 Maizuru, Chuo-ku, Fukuoka City, Fukuoka Prefecture 810-0073 Tel :092-717-5420
Fukuoka Legal Affairs Government Complex No. 1

# 3. Tungkol sa buwis

Municipal Tax Section　Tel : 0942-30-9008　Property Tax Section　Tel: 0942-30-9010
Tax Receipts Promotion Section　Tel: 0942-30-9007

Ang mga dayuhang naninirahan sa Japan ng higit sa isang taon ay magbabayad din ng buwis.
Gagamitin ang mga nakolektang buwis upang ang mga taong naninirahan sa Japan ay maaaring makapamuhay nang may kapanatagan ng loob.
Mayroong buwis na binabayaran sa bansa at sa lokalidad (prefecture o lungsod). Kung hindi ka makapagbabayad ng buwis sa takdang petsa, ikaw ay magbabayad ng isang "Overdue Payment".

**1. Mga buwis na babayaran sa bansa**

Mula Enero 1 hanggang Disyembre 31 ng nakaraang taon* ang mga mayroong kinita ay magbabayad ng *"income tax" sa bansa. Ang income tax ay kakalkulahin at babayaran mo sa pagitan ng Pebrero 16 at Marso 15 ng kasunod na taon na ikaw ay nagtrabaho. Kung hindi mo alam kung magkano ang babayaran o kung paano magbabayad, mangyaring kumonsulta sa tax office. Para sa mga tumatanggap ng *suweldo mula sa kumpanya, ang kumpanya ay magbabayad nang advance mula sa buwanang suweldo.

* Kita: Ito ang salaping tinatanggap mula sa pinagtatrabahuhang kumpanya pagkatapos ibawas ang salaping kailangang gastusin upang matanggap ang salaping iyon.
* Income tax: Buwis sa kinita.
* Suweldo: Salaping natanggap mula sa kumpanya.

**■ Kapag kukonsulta sa buwis na babayaran sa bansa**

Kurume Tax Office
2401-10 Suwano-machi, Kurume City 830-8688　Tel : 0942-32-4461

**2. Buwis na binabayaran sa lokalidad (prefecture o lungsod)**

Sa araw ng Enero 1 ng taong iyon, ang mga naninirahan sa Japan ay magbabayad ng buwis sa prefecture o lungsod kung saan sila nakatira.
Ito ay tinatawag na Municipal Tax (pangalan ng buwis) o Vehicle Tax (pangalan ng buwis).
Ang mga buwis na binabayaran sa bansa o lokalidad ay kinakalkula batay sa iyong kinita sa nakaraang taon.

**2-(1) Mga buwis na babayaran sa Fukuoka Prefecture**

**[Mga pangunahing buwis na binabayaran sa prefecture]**

| Pangalan ng buwis | Taong magbabayad | Tanggapan ng konsultasyon |
|---|---|---|
| Prefectural Tax | Mga taong naninirahan sa Fukuoka Prefecture | Kurume Prefectural Tax Office Taxation Section 1 |
| Vehicle Tax | Mga taong nakatira sa Fukuoka Prefecture at may isang ordinaryong sasakyan | Kurume Prefectural Tax Office Tax Collection Section 2 |

**■ Kapag kumonsulta tungkol sa mga buwis sa Fukuoka Prefecture**

Kurume Prefectural Tax Office (Kurume General Government Building 4F)
1642-1 Aikawa-machi, Kurume City 839-0861　Tel: 0942-30-1012

2-(2) Mga buwis na babayaran sa Kurume City

[Mga pangunahing buwis na babayaran sa Kurume City]

| Pangalan ng buwis | Taong magbabayad | Tanggapan ng konsultasyon |
|---|---|---|
| Municipal Tax | Mga naninirahan sa Kurume City | Kurume City Hall Municipal Tax Section |
| Light Vehicle Tax | Mga naninirahan sa Kurume City at may light motor vehicle o motorsiklo | Kurume City Hall Municipal Tax Section |
| Real Estate Tax | Mga naninirahan sa Kurume City at nagmamay-ari ng lupa o gusali | Kurume City Hall Property Tax Section |

### 3. Deklarasyon

Magsulat ng dokumento tungkol sa kung magkano ang tinanggap na salapi mula sa kumpanyang pinagtatrabahuhan sa nakalipas na taon o ang iyong bahay / lupa / kotse at isumite ito sa tax office o city hall. Ito ay tinatawag na "Deklarasyon". Kapag nag-deklara ka, matutukoy kung magkano ang babayaran mong buwis sa bansa o lokalidad.

### 4. Pagbabayad ng buwis

Ang babayaran mong buwis ay kakalkulahin ng tax office ng prefecture o ng city hall. *Darating ang isang "Tax Notice" sa pamamagitan ng postal mail. Bayaran ang buwis sa takdang petsa. Bayaran ang buwis sa bangko / post office / convenience store gamit ang "*Payment Slip" na kasamang nakapaloob.

* Tax Notice: Isang liham mula sa prefecture o city hall na nagsasabi ng mga bagay na napagpasyahan, tulad ng halagang iyong babayaran, hanggang kailan ito babayaran at kung saan magbabayad.

* Payment Slip: Isang piraso ng papel na nakasulat kung magkano ang babayaran mo at hanggang kailan.

### 5. Tax Payment Certification at Income Certificate

Ang tax payment certificate ay isang dokumento kung saan pinapatunayan ng city hall (upang malaman ng ibang tao) kung magkano ang binayaran mong buwis. Ang income certificate ay isang dokumento kung saan pinapatunayan ng city hall kung magkano ang iyong tinanggap na salapi. Maaari itong makuha sa city hall kung saan ka naninirahan sa araw ng Enero 1 ng taong iyon. Kailangang magdala ng salapi. Kakailanganin ito kapag babaguhin ang residence status o tatanggap ng mga serbisyo ng lungsod.

### 6. Kapag hindi makapagbayad ng buwis

Kung wala kang trabaho at walang salapi upang magbayad ng buwis, maaari kang kumonsulta sa pagbabayad ("Maaari bang hindi agad magbayad ng buwis?" o kaya "Maaari bang magbayad ng installment?") at magtanong sa tax office o city hall. Kung hindi ka magbabayad ng buwis, hindi ka makakatanggap ng mga serbisyo ng prefecture o ng lungsod. Maaari kang magkaroon ng problema kapag binago mo ang iyong residence status. Para sa mga buwis na babayaran sa Fukuoka Prefecture, kumonsulta sa Fukuoka Prefectural Tax Office. Para sa mga buwis na babayaran sa Kurume City, kumonsulta sa Tax Receipts Promotion Section.

### 7. Kapag umuwi ka sa iyong bansa

Kapag uuwi ka sa iyong sariling bansa o magtutungo sa ibang bansa at hindi na babalik sa Japan, kailangan mong bayaranang lahat ng buwis bago ka umalis sa Japan. Kung hindi mo mababayaran ang lahat, dapat kang magpasya kung sino ang magbabayad para sa iyo at ipagbigay-alam ito sa tax office o city hall bago ka umalis sa Japan.

# 4. Tungkol sa pensiyon


Seksyon ng Medikal/Pensiyon　　Tel: 0942-30-9032

Sa Japan, ikaw ay nagbabayad para sa iyong pagtanda o kapag ikaw ay nagkasakit o napinsala at hindi ka makapagtrabaho. Ang sistemang ito ay tinatawag na pensiyon. Kung makakakuha ka ng pensiyon at babayaran ito, makakakuha ka ng salapi para sa iyong pamumuhay kapag ikaw ay tumanda o kapag ikaw ay nagkasakit o napinsala at hindi makapagtrabaho. Lahat ng may edad 20 hanggang 59 na naninirahan sa Japan ay makakasali sa pensiyon.

## 1. Tungkol sa pensiyon

Mayroong dalawang pensiyon sa Japan. Ang national pension at ang employee's pension. Kasama sa employee's pension ang mga taong nagtatrabaho sa mga kumpanya o pabrika. Kasama sa national pension ang mga taong wala sa employee's pension.

**[Mekanismo ng pagsali at pagkuha ng pensiyon]**




Ang mga taong nagtatrabaho sa mga kumpanya, atbp., ay makakakuha din ng employee's pension

## 2. Tungkol sa national pension

Ang lahat ng may edad mula 20 hanggang 59 na naninirahan sa Japan ay isasali sa national pension. Isasali rin ang mga dayuhan. Kapag sasali sa pensiyon, kailangang mag-apply sa city hall o pension office. Dalhin ang residence card o ang MyNumber card. Sa mga nagtatrabaho at mayroong company insurance, ang kumpanya ang mag-aasikaso nito.

### ■ Salaping pambayad sa national pension (kung magkano ang babayaran mo) at paraan ng pagbabayad

Ang pamahalaang pambansa ang magpapasya kung magkano ang babayarang pensiyon. Kapag napagpasyahan na, isang "*Payment Notice" ang darating sa pamamagitan ng postal mail. Mangyaring magbayad sa bangko / post office / convenience store.

May mga pagkakataon kung saan ang mga namumroblema dahil kakaunti lamang ang kanilang salapi upang mabuhay ay maaaring hindi na magbayad ng kanilang pensiyon. Mangyaring kumonsulta sa city hall o pension office.

* Payment notice: Isang liham na ipinapaalam sa iyo ang halagang dapat mong bayaran at hanggang kailan

### ■ Kapag tatanggap ng national pension

Ang national pension ay mayroong uring (1) hanggang (3) sa talahanayan ng mga tatanggaping salapi. Magtanong sa city hall o pension office kung saan ka nakatira upang malaman kung aling pensiyon ang maaari mong makuha at kung paano mag-apply.

[Mga pangunahing uri ng national pension]

| Mga uri ng pensiyon | Pagpapaliwanag | Sino ang mga makatatanggap |
|---|---|---|
| **(1) Basic pension para sa mga matatanda** | Maaaring makakuha ng salapi mula 65 taong gulang. Kapag 65 taong gulang na, maaari ka pa ring makatanggap kahit hindi ka naninirahan sa Japan. | Ang mga nagbayad ng national pension sa loob ng 10 taon o higit pa ay maaaring makakuha nito. |
| **(2) Basic pension para sa mga may kapansanan** | Maaaring makakuha ang mga taong nagkaroon ng kapansanan pagkatapos na magkasakit o napinsala. | Maaari itong matanggap kung sa araw na unang ipinatingin sa doktor ang sakit o pinsalang iyon ay bago pa maging 65 taong gulang ang taong nagpatingin. |
| **(3) Basic pension para sa mga naulilang pamilya** | Kapag namatay ang isang taong may pensiyon, maaari itong matanggap ng pamilya. | - Asawang lalaki, asawang babae o anak ng taong pumanaw<br>- Maaari itong makuha kung ibinayad ng pumanaw ang halos lahat ng gastusin para sa ikabubuhay ng pamilya. |

■ **Lump-sum withdrawal payment (salapi na maaaring makuha kapag umuwi sa sariling bansa)**

Kapag ang isang taong kasali sa national pension ay huminto na sa pagsali dito at umuwi sa sariling bansa, maaari siyang makakuha ng salaping tinatawag na lump-sum withdrawal.

Mangyaring ipadala ang application form (papel upang mag-apply para sa pagtanggap ng salapi), atbp., sa Japan Pension Service sa pamamagitan ng postal mail sa loob ng 2 taon pagkatapos umuwi sa sariling bansa.

Mayroong mga kundisyon (sino ang maaaring makakuha nito) upang makuha ito. Mangyaring magtanong sa Japan Pension Service.

■ **Japan Pension Service**

https://www.nenkin.go.jp/oshirase/taisetu/2024/202403/032602.html

**3. Tungkol sa employee's pension**

Ang mga nagtatrabaho sa isang kumpanya, pabrika, tindahan, atbp., nang mas mahaba kaysa itinakdang oras at wala pang 70 taong gulang ay maaaring makasali.

■ **Paano makasali sa employee's pension**

Aasikasuhin ng kumpanya ang pagsali. Hindi mo na ito kailangang gawin.

■ **Tungkol sa babayaran para sa employee's pension (kung magkano ang iyong babayaran) at kung paano magbabayad**

Ang halaga ng salaping babayaran para sa employee's pension ay itinatakda ayon sa iyong buwanang tinatanggap na suweldo mula sa kumpanya. Ang kalahati ng babayaran mo para sa iyong pensiyon ay magmumula sa iyong buwanang suweldo. Ang matitirang kalahati ay babayaran ng kumpanya. Ang babayaran mo at ang babayaran ng kumpanya ay pagsasamahin at babayaran ng kumpanya.

■ **Kapag huminto sa trabaho**

Kapag huminto na sa trabaho, ihihinto na rin ang employee's pension. Kapag huminto ka, aasikasuhin mo ang pagsali sa national pension. Kumuha ng katibayan mula sa kumpanya na inihinto na ang iyong employee's pension, dalhin ang residence card at asikasuhin ito sa city hall o pension office.

# 5. Tungkol sa insurance na pangkalusugan / pangangalaga

Health Insurance Section Tel: 0942-30-9029
Nursing Care Insurance Section Tel: 0942-30-9205

## 1. Tungkol sa Health Insurance

Ang lahat ng mga naninirahan sa Japan ay kumukuha ng health insurance. Ang mga may residence card at nakarehistro ang paninirahan ay dapat na kumuha nito. Hindi ka maaaring magpasya kung kukuha ka ng health insurance o hindi. Sa pagkuha ng health insurance, makatatanggap ka ng insurance card (isang kard na nagpapakita na ikaw ay may insurance). Kapag nagpunta sa ospital dahil may sakit o nasaktan, ipakita ang iyong insurance card sa empleyado ng ospital. Ang halagang babayaran sa ospital ay magiging mas mura. May dalawang uri ng health insurance sa Japan. Ang health insurance ng kumpanya at national health insurance ng lungsod o bayan.

## 2-(1) Health insurance (insurance ng kumpanya)

### ■ Mga taong kukuha ng health insurance

Ang mga taong nagtatrabaho sa isang kumpanya ay kukuha ng health insurance ng kumpanya. Itanong sa empleyado ng kumpanya kung maaari kang kumuha nito o hindi. Ang pamilyang naninirahan sa Japan ng taong may health insurance ay maaari ring kumuha ng health insurance. Itanong sa empleyado ng kumpanya kung ang iyong pamilya ay maaaring kumuha ng health insurance o hindi.

### ■ Paraan ng pagkuha

Ang kumpanya ang mag-aasikaso nito.

### ■ Bayad sa insurance (halagang babayaran para sa health insurance)

Ang bayad sa insurance ay pagpapasiyahan ayon sa suweldo na iyong natatanggap mula sa kumpanya. Mula sa iyong suweldo, babayaran ang kalahati ng bayad sa health insurance. Ang matitirang kalahati ay babayaran ng kumpanya.

### ■ Kapag huminto sa pagtatrabaho

Kapag huminto sa pagtatrabaho, dapat na ding ihinto ang health insurance. Dapat ka ring magsumite ng abiso upang makakuha ng National Health Insurance. Una ay kumuha ng sertipikasyon mula sa kumpanya na inihinto na ang iyong health insurance. Pagkatapos ay dalhin ang iyong sertipikasyon at residence card at magtungo sa city hall at magsumite ng abiso.

## 2-(2) National health insurance (insurance ng lungsod o bayan)

### ■ Mga taong kukuha ng National Health Insurance

Ang mga nakarehistro ng paninirahan at walang health insurance ng kumpanya ang dapat na kumuha nito.

### ■ Paraan ng pagkuha

Dalhin ang iyong residence card, pasaporte, My Number card o notification card sa city hall at magsumite ng

abiso. Ang mga may status na "Designated Acitvities" ay dapat ding magdala ng certificate of designation.

### ■ Bayad sa insurance (halagang babayaran para sa National Health Insurance) at paraan ng pagbabayad

Ang bayad sa insurance ay pagpapasiyahan ayon sa iyong kinita sa nakalipas na taon at ang bilang ng mga miyembro ng iyong pamilya.

Ang notification ng bayad sa insurance ay darating sa pamamagitan ng postal mail mula sa city hall bandang Hunyo ng bawat taon.

Magbayad gamit ang payment slip na kalakip nito. Maaaring magbayad sa mga bangko / post office / convenience store, atbp. Kung magkaroon ng problema, kumonsulta sa city hall.

## 3. Kapag ang mga bayaring medikal (halagang babayaran sa ospital) ay lubhang napakamahal

Kung ang halagang babayaran mo sa ospital sa isang buwan ay higit pa sa itinakdang halaga, babalik sa iyo ang halagang ito paglaon. Pagpapasiyahan ayon sa kita mo at ng pamilyang kasama mong naninirahan kung gaano karami ang babalik na halaga. Tinatawag itong "High-cost Medical Expense Benefit".

Kung mayroon kang health insurance ng kumpanya, kumonsulta sa empleyado ng kumpanya upang malaman kung babalik ang pera o hindi. Kung mayroon kang National Health Insurance, kumonsulta sa city hall.

Kung mangangailangan ng maraming salapi para sa pagpapa-confine, halimbawa, sa ospital, maaari ka ring makakuha ng *Eligibility Certificate for Ceiling-Amount Application. Kung kailangan ng Eligibility Certificate for Ceiling-Amount Application, kumonsulta sa empleyado ng kumpanya o sa city hall.

* Eligibility Certificate for Ceiling-Amount Application:

Kung mayroong papel na ito, hindi lalabis sa nakatakdang halaga ang kailangang bayaran sa ospital.
Ipakita ito sa ospital kasama ang iyong insurance card bawat buwan.

## 4. Halagang matatanggap mula sa health insurance

### ■ One Time Allowance for Childbirth and Childcare

Ito ang salaping matatanggap ng isang taong may health insurance kapag siya ay nanganak (magsisilang ng anak).

### ■ Mga bayarin sa pagpapalibing

Ito ang salaping matatanggap ng taong magpapalibing sa taong may health insurance kapag siya ay namatay.

## 5. Tungkol sa Nursing Care Insurance

Ang mga may nursing care insurance ay maaaring makatanggap ng mga serbisyo kapag sila ay tumanda na o nagkaroon ng kakaibang karamdaman at mangangailangan ng *nursing care.

* Nursing care: Pagtulong ng ibang tao kung mahirap para sa iyo ang mabuhay nang mag-isa sa pang-araw-araw na pamumuhay, gaya ng pagkain o pagligo, atbp.

### ■ Mga taong kukuha ng Nursing Care Insurance

Sinumang higit sa edad na 40 taong gulang na may medical insurance ay dapat na kumuha ng nursing care insurance.

## ■ Paano magbayad para sa nursing care insurance

Ang mga taong nasa pagitan ng edad mula 40 hanggang 64 taong gulang ay magbabayad nito kasama ang medical insurance. Ang mga taong higit sa edad na 65 taong gulang ay magbabayad ng insurance premium sa city hall. Ang insurance premium ay batay sa iyong kita mula sa nakaraang taon at ang katayuan ng kita ng iyong pamilya. Bawat taon bandang Hunyo, isang paunawa ng insurance premium ay ipinapadala sa pamamagitan ng koreo mula sa city hall. Mangyaring magbayad gamit ang payment slip na kasama sa koreo. Maaari kang magbayad sa pamamagitan ng bangko, post office, convenience store, atbp. May mga taong nagbabayad rin gamit ang pension money na kanilang natatanggap.

## ■ Mga taong tatanggap ng mga serbisyo ng nursing care insurance

Ang mga nasa edad na 65 taong gulang pataas ang tatanggap ng mga serbisyo ng nursing care insurance.

Ang mga taong nasa edad mula 40 hanggang 64 taong gulang ay tatanggap ng serbisyo kapag nagkaroon sila ng kakaibang karamdaman.

## ■ Mga paraan para makatanggap ng mga serbisyo ng nursing care insurance

Kung sa palagay mo ay kailangan mo ng nursing care, magtungo muna sa city hall at kumonsulta. Isang eksperto mula sa city hall ang magpupunta sa inyong bahay upang malaman kung anong antas ng nursing care ang kinakailangan. Kung mapagpasiyahan na kailangan ang nursing care, pagpapasiyahan kung anong uri ng serbisyo ng nursing care ang tatanggapin. Kapag magpapasya ng serbisyo ng nursing care, kausapin ang iyong care manager (isang tao na maaaring magplano kung ano ang kailangan mo upang makuha ang serbisyo at aalamin para sa iyo kung anong mga serbisyo ang magagamit).

# 6. Tungkol sa mga anak na bata

Child-Rearing Support Center　Tel: 0942-30-9302
Health Promotion & Disease Prevention Section　Tel: 0942-30-9730
School Education Section　Tel: 0942-30-9217
Child Care Division　Tel: 0942-30-9025
School Health Section　Tel: 0942-30-9273

Kung buntis o nagsilang ng sanggol, kung may hindi alam sa pagpapalaki ng anak, o namumroblema, maaaring magtanong sa city hall tungkol sa iba't-ibang mga bagay. Maaari ring ikonsulta ang tungkol sa pananalapi.

### ■ Mga gagawin bago magsilang ng anak

1. Abiso ng pagbubuntis (pagbibigay-alam sa city hall na may sanggol sa iyong sinapupunan)

Kung ikaw ay nabuntis, magsumite ng abiso ng pagbubuntis sa city hall. Kumuha ng "*Maternity (Mother-Child) Record Book" sa city hall. Gayundin, makatatanggap ng "*Medical Card ng Tulong Pinansiyal sa Pagsusuri ng Kalusugan ng Buntis", "* Medical Card ng Tulong Pinansiyal sa Pagsusuri ng Pandinig ng Bagong Silang na Sanggol", "* Medical Card ng Tulong Pinansiyal sa Pagsusuri ng Kalusugan ng Nanganak", "*Childbirth Information Form", at "*Gabay sa Pag-aaral sa Pagbubuntis".

* Maternity (Mother-Child) Record Book: Isusulat dito ang mga patungkol sa anak gaya ng pangangatawan ng ina at ng bata, tungkol sa pagsilang ng anak, tungkol sa mga resulta ng pagsusuri sa kalusugan, o mga pagbabakuna, atbp.

* Medical Card ng Tulong Pinansiyal sa Pagsusuri ng Kalusugan ng Buntis:
Sinusuri sa ospital kung malusog ang ina at sanggol. Gagamitin ito sa ospital. Ang pagsusuri ay gagawin nang 14 na beses.

* Medical Card ng Tulong Pinansiyal sa Pagsusuri ng Pandinig ng Bagong Silang na Sanggol:
Mga pagsusuri sa ospital upang malaman kung nakaririnig ang sanggol. Gagamitin ito sa ospital.

* Medical Card ng Tulong Pinansiyal sa Pagsusuri ng Kalusugan ng Nanganak:
Matapos maipanganak ang sanggol, susuriin kung malusog ang katawan ng ina at s anggol o hindi. Gagamitin ito sa ospital. Ang pagsusuri ay gagawin nang dalawang beses.

* Childbirth Information Form: Gagamitin upang ipaalam sa city hall na ipinanganak ang isang sanggol.

* Pag-aaral sa Pagbubuntis: Ang mga magiging ina o ama o ang kanilang pamilya ay matututo ng mahahalagang bagay kapag nagbubuntis, kapag magsisilang ng sanggol, at kapag magpapalaki ng sanggol.

**2. Pagsusuri sa kalusugan ng buntis (health checkup)**

Kapag nabuntis, magtungo sa ospital upang masuri ang katawan ng ina at ng sanggol sa sinapupunan.
Kapag magpupunta sa ospital, dalhin ang "Medical Card ng Tulong Pinansiyal sa Pagsusuri ng Kalusugan ng Buntis" na iyong matatanggap mula sa city hall. Maaaring magpasuri nang 14 beses sa kabuuan. Hindi kailangang magbayad para tumanggap ng pagsusuring napagpasiyahan ng city hall.

## ■ Mga gagawin kapag nanganak

### 3. Abiso ng panganganak (pagbibigay-alam sa city hall na ipinanganak ang isang sanggol)

Isumite ang abiso ng panganganak sa city hall sa loob ng 14 araw mula nang ipanganak ang iyong sanggol. Kahit na dayuhan ang ama at ina ay magsusumite. Mangyaring dalhin ang iyong pasaporte at patunay ng kasal ng iyong ama at ina. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring magtanong sa Residential Affairs Section. Kung ang ama't ina ay kapwa mga dayuhan at ang isinilang na sanggol ay mananatili sa Japan nang higit sa 60 araw, ikukuha ito ng "residence status" (kwalipikasyon na manirahan sa Japan). Magtungo sa Immigration Bureau sa loob ng 30 araw mula sa araw nang pagsilang ng bata. Itanong sa Immigration Bureau ang mga dokumento na isusumite sa Immigration Bureau.

### 4. Pagsusuri sa kalusugan ng bata

Paminsan-minsan ay susuriin ng isang doktor sa ospital kung malusog ang isinilang na sanggol o hindi. Maaaring ikonsulta ng ina ang tungkol sa mga alalahanin o hindi maintindihan tungkol sa kanilang sanggol. Isang liham nang pagbibigay-alam mula sa city hall ang darating sa pamamagitan ng postal mail. Hindi kailangang magbayad.

| Pangalan ng pagsusuri | Edad ng bata | Mga dapat malaman |
|---|---|---|
| Pagsusuri sa kalusugan ng sanggol | - 4 na buwang gulang<br>- 10 buwang gulang<br>- 1 taon at 6 na buwang gulang<br>- 3 taong gulang | - Tatanggapin ang pagsusuri sa ospital na napagpasyahan ng Kurume City o sa lugar na nakasulat sa liham.<br>- Sulatan ang "Health Examination Sheet" na kalakip sa liham at dalhin ito kasama ang Maternity (Mother-Child) Record Book.<br>- Kapag 1 taon at 6 na buwang gulang at 3 taong gulang ang bata, susuriin kung may sira ang mga ngipin niya. |

### 5. Pagbabakuna

Sa Japan, ang mga batang isinilang ay binibigyan ng mga iniksiyon upang maiwasan na makakuha sila ng mga malubhang sakit. Ito ay tinatawag na "pagbabakuna". Kung mabibigyan ng "pagbabakuna", kahit na tamaan ng sakit ay magiging magaan lamang ito. Ang pagbabakuna ay gagawin sa ospital na napagpasyahan ng city hall. Kapag gagawin ang pagbabakuna, dalhin ang "Maternity (Mother-Child) Record Book". Hindi kailangang magbayad.

## ■ Sistema kung saan makatatanggap ng salapi o tulong kapag nagpapalaki ng bata

### 6. Allowance ng bata (salapi para sa pagpapalaki ng mga bata)

Ang lahat ng mga nagpapalaki ng bata ay mag-aaplay upang makatatanggap ng allowance (salapi) ng bata mula sa city hall.

Ang bata ay makatatanggap ng 15,000 yen bawat buwan hanggang sa siya ay maging 2 taong gulang. Mula 3 hanggang 15 taong gulang, makatatanggap ng 10,000 yen bawat buwan.

### 7. Children's Medical System (sistema upang makatulong sa pagbabayad kapag nagtungo ang bata sa ospital)

Kapag ang mga bata sa pagitan ng edad na 0 at 15 taong gulang ay nagtungo sa ospital, ang halagang babayaran

sa ospital ay magiging mas mura. Kinakailangan ang espesyal na sertipikasyon kapag gagamitin ang sistemang ito. Matatanggap ang sertipikasyon sa city hall. Kumonsulta sa city hall.

## ■ Nursery / Kindergarten

Maaaring ipagkatiwala ang mga batang hindi pa pumapasok sa elementarya. Ang mga bata ay aalagaan at tuturuan na mag-aral sa halip ng ama o ina. Pag-iisipan mabuti ng ama o ina ang pagpili ng lugar na papasukan ng bata.

### 8-(1) Nursery (nursery school)

Ipinagkakatiwala sa nursery (nursery school) ang mga bata kapag hindi sila kayang alagaan ng ama o ina sa bahay (hal., nagtatrabaho sila). Ang mga batang mula 0 taong gulang hanggang sa hindi pa pumapasok sa elementarya ay maaaring ipagkatiwala.

### 8-(2) Kindergarten

Ang kindergarten ay isang lugar para sa pang-araw-araw na pamumuhay at pag-aaral habang naglalaro. Pumapasok dito ang mga batang mula 3 taong gulang hanggang sa hindi pa pumapasok sa elementarya.

## ■ Paaralan sa Japan

Sa Japan, ang isang 6 na taong gulang na bata ay papasok sa elementarya sa ika-1 ng Abril. Ang bata ay papasok sa elementarya sa loob ng 6 na taon. Pagkatapos nito ay papasok siya sa junior high school sa loob ng 3 taon. Ang mga magulang na Hapon na may anak na edad 6 hanggang 15 taong gulang ay dapat na papasukin ang kanilang anak sa paaralan. Tinatawag itong compulsory education. Hindi kinakailangang magbayad para sa mga klase at aklat ng elementarya at junior high school. Sa Kurume City, ang mga dayuhan ay maaari ring magtungo sa elementarya at junior high school sa Japan kapag nagparehistro ng paninirahan. Kung may hindi maunawaan, magtanong School Education Section ng city hall.

**[Relasyon sa pagitan ng edad ng bata at paaralan]**

| Edad | | 7 taong gulang | 8 taong gulang | 9 taong gulang | 10 taong gulang | 11 taong gulang | 12 taong gulang | 13 taong gulang | 14 taong gulang | 15 taong gulang | 16 taong gulang | 17 taong gulang | 18 taong gulang |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Paaralan | Elementarya | | | | | | Junior High School | | | Senior High School | | | |
| Taon ng pag-aaral | Grade 1 | Grade 2 | Grade 3 | Grade 4 | Grade 5 | Grade 6 | Grade 1 | Grade 2 | Grade 3 | Grade 1 | Grade 2 | Grade 3 | |
| | Compulsory Education | | | | | | | | | | | | |

## ■ Sistema ng Tulong Pinansiyal para sa Edukasyon (isang sistema ng tulong pinansiyal para sa mga batang pumapasok sa paaralan)

Kung ang iyong anak ay walang sapat na pangtustos para sa elementarya o junior high school sa Kurume City, mayroong sistemang makakatulong sa kanila nang pinansiyal. Tinatawag itong "Tulong Pinansiyal para sa

Edukasyon". Ang salaping ito ay gagamitin para sa mga bagay na ginagamit ng mga bata sa paaralan (uniporme / kagamitan) o kakaining tanghalian (pagkain) sa paaralan. Kung nais mong makatanggap ng tulong pinansiyal para sa edukasyon, dapat mong punan ang application form sa School Health Section ng city hall o sa paaralan, at isumite ito kasama ng mga kinakailangang dokumento. Kung mayroong hindi nauunawaan, magtanong sa empleyado ng opisina ng paaralan o sa School Health Section ng city hall.

Ang mga maaaring tumanggap ng "Tulong Pinansiyal para sa Edukasyon"

- Kapag ang kinikita ng tao (salapi para sa pamumuhay gaya ng suweldo, atbp.) ay kakaunti, atbp.

# 7. Tungkol sa paraan ng paglalabas ng basura

Resource-Recycle Promotion Division Tel: 0942-37-3342

Paghiwa-hiwalayin ang mga basurang nagmumula sa mga bahay sa "nasusunog na basura (maaaring sunugin na basura)", "hindi nasusunog na basura", "recyclables, atbp." at ilabas ang mga ito gamit ang " eksklusibong bag" sa "takdang lugar" sa "takdang araw" sa "takdang oras". Ang mga araw at patakaran sa pagtatapon ng basura ay naiiba ayon sa school district na iyong tinitirhan.

Kapag magtatapon ka ng basura, sumunod sa mga patakaran kung saan ka nakatira. Kung may hindi nauunawaan, magtanong sa Resource-Recycle Promotion Division ng city hall.

**■ Nasusunog na basura (maaaring sunugin na basura)**

Ilagay ang nasusunog na basura sa itinalagang bag ng Kurume City (eksklusibong bag para paglagyan ng basura) at ilabas ito sa araw ng mga nasusunog na basura. Ang mga itinalagang bag (mga eksklusibong bag kung saan inilalagay ang mga basura) ay mabibili sa mga supermarket at convenience store ng lungsod.

**- Mga uri ng basura (mga pangunahing bagay)**

Nabubulok na basura (basurang pagkain), mga diaper na gawa sa papel, mga bagay na gawa sa goma (sapatos, bola, atbp.), mga plastic (laruan, timba, atbp.), tela (maruming damit o stuffed toy, atbp.), mga halamang bulaklak / mga nahulog na dahon, atbp.

* I-drain nang mabuti ang nabubulok na basura upang maubos ang tubig nito atsaka itapon.

**■ Hindi nasusunog na basura (basurang hindi maaaring sunugin)**

Ilagay ito sa itinalagang bag ng Kurume City (eksklusibong bag para paglagyan ng basura) atsaka ito ilabas. Ilabas ito sa araw ng recyclables. Ang mga itinalagang bag (mga eksklusibong bag kung saan inilalagay ang mga basura) ay mabibili sa mga supermarket at convenience store ng lungsod.

**- Mga uri ng basura (mga pangunahing bagay)**

Mga babasaging baso, porselana (plato, mangkok, paso ng halaman, atbp.), aluminum foil, cosmetic bottles, kutsilyo, gunting, bombilya, mga bote at lata na nalagyan ng mantika, atbp.

* Delikado ang mga bubog, kaya't baluting mabuti ng papel, atbp., ang mga babasagin atsaka ito ilabas.

**■ Recyclables, atbp.**

Ilabas ito sa araw ng recyclables. Ilagay ang recyclables sa kahong nakalagay sa lugar kung saan itinatapon ang mga ito. Hugasan ang mga ito at linisin bago ilabas.

**- Mga uri ng basura (mga pangunahing bagay)**

PET bottle, mga bote at lata na pinaglagyan ng inumin at pagkain, maliliit na metal (kawali, kutsara at tinidor, mga lata ng spray, atbp.), maliliit na electronic appliances (mobile phone, dryers, hair iron, atbp.), mga sisidlan at pambalot na plastic (mga bote , mga tray, atbp., na may markang "Plastic")

Mga lumang papel (karton, libro, atbp.), mga lumang damit (mga pinaglumaang damit, atbp.)

■ **Malalaking basura (mga malaking basura na hindi kasya sa itinalagang bag)**

Kapag magtatapon ng malalaking basura, tumawag sa Large-sized Waste Reception Call Center (Tel: 0942-37-3383).

Kasunod nito ay bumili ng "Garbage Sticker" sa bangko, atbp. Idikit ang sticker sa basurang itatapon at ilabas ito sa itinakdang lugar.

**- Mga uri ng basura (mga pangunahing bagay)**

Microwave oven, drawer, sofa, bisikleta, futon, kama, atbp.

■ **Mga basurang hindi mailalabas sa itinakdang lugar**

Ang mga air conditioner, refrigerator, TV, washing machine, computer, atbp., ay hindi maaaring ilabas.

- Tumawag at magtanong sa shop kung saan binili ang air conditioner, refrigerator, TV, washing machine, computer.

■ **Kung nais na malaman nang higit pa ang tungkol sa paraan ng pagtatapon ng basura, gamitin ang app.**

I-input ang pangalan ng school district kung saan ka nakatira. Mauunawaan nang detalyado ang paraan ng pagtatapon ng basura.

(1) I-scan ang QR code sa kanan.
O kaya ay i-input ang URL sa ibaba.

https://www.city.kurume.fukuoka.jp/1050kurashi/2030kankyougomi/3010dashikata/2025-0707-1418-54.html

# 8. Tungkol sa paggamit ng suplay ng tubig

Water Supply and Sewerage Payment Center Tel: 0942-30-8512

Kung nais mong gumamit o ihinto ang paggamit ng suplay ng tubig, makipag-ugnayan sa Water Supply and Sewerage Payment Center.

Kung gumagamit ka ng tubig, kailangan mong magbayad sa itinakdang petsa.

**■ Kapag gagamit ng suplay ng tubig sa kauna-unahang pagkakataon**

Dapat kang makipag-ugnayan sa Water Supply and Sewerage Payment Center. Mayroong dalawang pamamaraan. Ang isa ay ang pagtungo sa Water Supply and Sewerage Payment Center at pagbibigay-alam ito. Ang isa pa ay pagbibigay-alam sa pamamagitan ng telepono o sa internet kung kailan mo ito gagamitin. Makipag-ugnayan hanggang 4 na araw bago nais na magamit ang suplay ng tubig. Kung gagamitin ang suplay ng tubig nang hindi ito ipinagbibigay-alam ay hihinto ang paglabas ng tubig. Kailangan mo ring magbayad para sa tubig na iyong ginamit nang hindi ipinagbibigay-alam. Mangyaring siguraduhin ang pakikipag-ugnayan.

- Contact information sa Internet

https://www.city.kurume.fukuoka.jp/1050kurashi/2090suidougasu/3120moushikomi/01.html

**■ Pagbabayad sa mga singil (bayad sa ginamit na suplay ng tubig)**

Kapag gumamit ng suplay ng tubig,magbabayad ng salapi. Magkasamang babayaran ang bayad para sa dalawang buwan.

Gamitin ang payment slip (papel na nakasulat kung hanggang kalian at magkano ang babayaran) upang magbayad sa bangko / post office / convenience store.

Kung hindi kayang magbayad sa itinakdang petsa, maaaring kumonsulta tungkol sa pagbabayad. Maaari magtanong sa mga taga- Water Supply and Sewerage Payment Center ng "Maaari ba akong hindi magbayad kaagad?" o kaya ay "Maaari ba akong magbayad nang installment?" Kung hahayaan mo lang iyon, hihinto ang paglabas ng tubig.

**■ Kapag ipapahinto ang suplay ng tubig**

Ipagbigay-alam kaagad kung napagpasyahan na kung kailan hindi na gagamit ng suplay ng tubig.

Magtungo sa Water Supply and Sewerage Payment Center upang ipagbigay-alam, o makipag-ugnayan sa pamamagitan ng telepono o internet.

- Contact information sa Internet

https://www.city.kurume.fukuoka.jp/1050kurashi/2090suidougasu/3120moushikomi/01.html

**■ Kurume City Water Supply and Sewerage Payment Center (Kurume City Public Enterprise Bureau 1st floor)**

2190-3 Aikawa-machi, Kurume City, Fukuoka Prefecture 839-8501 Tel : 0942-30-8512

# 9. Tungkol sa mga sakuna at evacuation shelter

Disaster Prevention Section　　Tel: 0942-30-9074

Sa Japan, maraming *mga bagyo / *malalakas na ulan / *mga lindol. Una, protektahan ang sariling katawan. Kung ligtas ang iyong bahay, manatili sa bahay. Kung delikado ang bahay, magtungo sa evacuation shelter (kung saan lumilikas ang lahat). Ang mga bagyo, malalakas na ulan, lindol, atbp. ay tinatawag na "sakuna". Ang paghahanda bago maganap ang isang sakuna ay tinatawag na "kahandaan sa sakuna".

* Bagyo: Isang napakalakas na pag-ihip ng hangin. Napakalakas na pagbuhos ng ulan. Kung isang malakas na hangin ang iihip, magliliparan ang mga bagay. Kahit ang mga puno at posteng telepono ay nangababali at natutumba rin. Maaari ding masira ang bahay.
* Malalakas na ulan: Malalakas na buhos ng ulan. Tataas ang tubig sa ilog. Maaari ding umabot ang tubig sa mga kalsada at bahay. Ang mga bundok at bahay ay maaaring masira.
* Lindol: Panginginig ng lupa. Walang nakakaalam kung kailan darating ang isang lindol. Matapos ang pagyanig ng lupa, maaaring huminto ang kuryente o gas at suplay ng tubig. Ang mga bahay at kalsada ay maaaring masira.

## ■ Mga gagawin upang maprotektahan ang sariling katawan at pamilya

Maghanda ka ng mga inumin at pagkain para sa panahon na sakaling maganap ang isang sakuna. Bumili ng mga inumin at pagkain at itabi ito sa bahay. Ang mga bagay na siguradong kinakailangan sa iyong palagiang pang-araw-araw na buhay (mga gamot, pasaporte, residence card, mga damit, atbp.) ang unang ihanda upang madala kaagad kung lilikas.

Hanapin gamit ang "Hazard Map" na ginawa ng city hall ang tungkol sa mga mapanganib na lugar at evacuation shelter na malapit sa kung saan ka nakatira o nagtatrabaho.

- Online hazard map
- Paraan ng paglikas upang maprotektahan ang sarili mula sa mga sakuna

## ■ Tungkol sa mga evacuation shelter (kung saan lumilikas ang lahat)

Maaari mong makita ang mga evacuation shelter ng Kurume City mula sa QR code sa ibaba. Ang evacuation shelter ay nag-iiba depende sa distrito ng paaralan, kaya hanapin ang distrito ng paaralan kung saan ka nakatira. Walang nakakaalam kung kailan mangyayari ang isang sakuna. Magkakaiba ang mga evacuation shelter na pinaglilikasan depende kung may bagyo, kung malakas ang ulan, at kapag may lindol.

Alamin ang tungkol sa mga evacuation shelter na malapit sa kung saan ka nakatira o nagtatrabaho.

- Listahan ng mga evacuation shelter

# 10. Mga dapat alamin kung sakaling may emergency

■ **Makipag-ugnayan kung sakaling may emergency.**

Ipaalam muna ang iyong pangalan at numero ng telepono.

| | Numero ng telepono | Kailan at paano nangyari | Mga bagay na ipagbibigay-alam |
|---|---|---|---|
| Himpilan ng pulis | 110 | Kapag aksidente sa trapiko | (1) Kailan at saan naganap ang aksidente?<br>(2) Ano'ng uri ng aksidente ito? (Nagbanggaan ang tao at kotse, atbp.)<br>(3) Mayroon bang mga taong nasaktan? |
| | | Kapag nasangkot sa isang krimen | (1) Ano'ng uri ng krimen ito? (Ninakawan ng bag, atbp.)<br>(2) Saan naganap ang krimen?<br>(3) Nakaranas ka ba ng krimen? |
| Himpilan ng bumbero | 119 | Kapag may biglaang karamdaman o nasaktan | (1) Ito ba ay sakit? May nasaktan ba?<br>(2) Nasaan ang taong may sakit o nasaktan?<br>(3) Sino ang may sakit o nasaktan? Ano ang nangyari? |
| | | Kapag may sunog | (1) Sabihin na "May sunog". (Sa Japanese, "Kaji desu".)<br>(2) Nasaan ang sunog?<br>(3) Ano ang bagay na nasusunog? (Bahay, basura, atbp.)<br>(4) Mayroon bang nasaktan o hindi makatakas? |

■ **Kapag may nawala sa iyo o may napulot na bagay**

Kung may nawala sa iyo gaya ng celphone o pitaka, tumawag sa Kurume Police Station (0942-38-0110). Kung pulis ang sumasagot sa telepono, ipagbigay-alam ang (1) at (2).

(1) Kailan, saan at ano ang nawala?

(2) Ano ang iyong pangalan at numero ng telepono?

Kung nakapulot ka ng bagay gaya ng pera o bag, dalhin ito sa malapit na pulis. Sabihin sa pulis ang (1) at (2).

(1) Kailan, saan at ano ang napulot mo?

(2) Ano ang iyong pangalan at numero ng telepono?

■ **Kumuha ng insurance para sa bisikleta. Magsuot din ng helmet.**

Ang mga taong nagbibisikleta upang magtungo sa paaralan o trabaho ay dapat na kumuha ng insurance para sa bisikleta. Kung mabangga mo ang isang tao habang nakasakay ka sa bisikleta at ang taong iyon ay nasaktan, babayaran ito ng insurance company. Kung ikaw din ay nasaktan, babayaran ng insurance company ang ospital, atbp. Kaya't ikonsulta sa shop na binilhan mo ng bisikleta ang tungkol sa insurance para sa bisikleta. Gayundin, para sa iyong proteksyon, magsuot ng helmet kapag magbibisikleta.

Para sa mga katanungan tungkol sa guidebook na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Kurume City Hall Public Hearing & Consultation Section Foreigner Consultation Desk (6F).

TEL: 0942-30-9096

FAX: 0942-30-9711

Email: sodan@city.kurume.lg.jp